

MGA HALIMBAWA NG KARAHASAN DALA NG PAGKAMUHI

Sang-ayon sa Ralph Civil Rights Act, labag sa batas ang:

- ⇒ IPaggamit ng lakas o pagbanta ng paggamit ng lakas para humadlang sa mga karapatan ng isang tao sa ilalim ng saligang batas dala ng totoo o inaakalang pakikisapi ng naturang tao sa isang protektadong grupo.
- ⇒ Sadyang pag-istorbo sa isang grupo ng taong nagtipon para sumamba dala ng kanilang relihiyon.
- ⇒ Pagtangkang magpalaganap ng pag-aalinlangan tungkol sa mga relihiyosong gawain sa pamamagitan ng paggamit ng karahasan.
- ⇒ Paninira ng pag-aari ng isang tao dala ng totoo o inaakalang pakikisapi ng naturang tao sa isang protektadong grupo.
- ⇒ Paglapastangan sa isang lugar ng pagsamba o gusali dala ng totoo o inaakalang pakikisapi sa isang protektadong grupo.
- ⇒ Pananakit sa isang tao dala ng totoo o inaakalang pakikisapi ng naturang tao sa isang protektadong grupo.
- ⇒ Pagtaguyod ng karahasang labag sa batas aban sa sinumang tao dala ng totoo o inaakalang pakikisapi ng taong ito sa isang protektadong grupo, kung saan ang naturang pagtaguyod ay may layuning mag-udyok o magbunga sa isang nagbabalang aksyong labag sa batas at na malamang na humantong sa ganitong uri ng aksyon.

Ang pakay ng Department of Fair Employment and Housing [Kagawaran ng Makatarungang Pag-employo at Pabahay] ay maprotektahan ang mga mamamayan ng California laban sa diskriminasyong labag sa batas sa larangan ng empleyo, pabahay at pampublikong tulong, at laban sa pagsasagawa ng karahasan dala ng pagkamuhi at pagturing sa kapwa tao bilang kalakal.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Department of Fair Employment and Housing

Walang Bayad: (800) 884-1684

TTY: (800) 700-2320

Online: www.dfeh.ca.gov

MATATAGPUAN DIN KAMI SA



Kung mayroon kang kapansanan na pumipigil sa iyo na magsumite ng isang nakasulat na porma ng paggamit online, sa pamamagitan ng koreo, o e-mail, maaaring tulungan ka ng DFEH sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong porma ng paggamit sa telepono o para sa indibidwal na Bingi, o Mahirap Makarinig o may kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng Serbisyo ng California Relay (711) o tumawag sa amin sa pamamagitan ng VRS sa (800) 884 1684 (boses).

Para magpatala ng appointment, kontakin ang Communication Center sa 800-884-1684 (boses) o 800-700-2320 (TTY)

o sa pamamagitan ng email sa contact.center@dfeh.ca.gov.

Dedikado ang DFEH sa paglalaan ng mga paraan para magamit ang mga materyales namin sa naiibang pormat bilang makatwirang tulong para sa mga taong may kapansanan kung hihilingin ito. Kontakin ang DFEH sa (800) 884-1684

(boses or sa pamamagitan ng relay operator 711), TTY (800) 700-2320 o contact.center@dfeh.ca.gov para talakayin ang mas naiibigan mong pormat para magamit ang mga materyales o webpag namin.



STATE OF CALIFORNIA
DEPARTMENT OF
FAIR EMPLOYMENT & HOUSING

DFEH-R01B-TG - 6/2018

ANG DEPARTMENT OF FAIR EMPLOYMENT & HOUSING

KARAHASAN DALA NG PAGKAMUHI & MGA KATARUNGANG PANTAO



ANG RALPH CIVIL RIGHTS ACT

ay nagbabawal ng mga gawaing marahas o mga banta ng karahasan dala ng totoo o inaakalang sex/kasarian ng isang tao, kabilang ang pagbubuntis, panganganak, at mga kaugnay na kondisyong medikal, kasariang kinikilala at pagpapahiwatig ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, mga ninuno, bansang pinagmulan, kapansanan, kondisyong medikal, impormasyon tungkol sa kalahian, estado sibil, kinikilalang sekswalidad, pagkamamamayan, pangunahing wika, katayuan sa imigrasyon, pampulitikang pakikianib, o posisyon sa isang pagtatalong pantrabaho (California Civil Code seksyon 51.7). Ang mga nakalistang katangiang ito ay mga halimbawa lamang at posibleng may iba pang mga batayan ng reklamo ng diskriminasyon sa ilalim ng Act. Ang mga aksyong ipinagbabawal ng batas na sibil na ito ay maaaring mga kriminal na aksyon din at maaaring humarap sa mga kriminal na parusa ang mga taong lumabag dito. Ipinagbabawal din ng Ralph Civil Rights Act ang pag-uutos ng isang waiver [pagtanggig] ng mga protekyong napapailalim sa Act bilang kondisyon ng pagpasok sa isang kontrata para sa mga kalakal o serbisyo, kabilang ang karapatang magsampa ng reklamo o palilitis o karapatang abisuhan ang Attorney General, DFEH, prosecutor o isang ahensiya para sa pagtataguyod ng batas.

ANO ANG GINAGAWA NG DFEH

Ang Department of Fair Employment and Housing (DFEH) ay nagpapatibay ng mga batas na sibil ng California na nagbabawal ng karahasang dala ng pagkamuhi sa pamamagitan ng

- ⇒ IPag-iimbestiga ng mga reklamo;
- ⇒ Paglilitis ng mga paglabag sa batas; at
- ⇒ Pagtuturo sa mga mamamayan ng California ng tungkol sa mga batas na nagbabawal ng karahasang dala ng pagkamuhi, harassment [panliligalig], at diskriminasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga nakasulat na materyales at pagdalo sa mga seminar at mga kompetensya.

ANONG URI NG AKSYON ANG MGA IPINAGBABAWAL SA ILALIM NG BATAS NG CALIFORNIA?

Ipinagbabawal ng batas ng California ang mga binibigkas o nakasulat na banta, pisikal na pananakit o pagtangkang manakit, graffiti, at bandalismo o paninira ng pag-aari. May ibang pang batas sa California na nagpapataw ng mga kaparusahang kriminal para sa mga askyong sumasakop sa pag-istorbo sa isang grupo ng taong nagtitipon para sumamba; bandalismsong naninira ng isang lugar ng pagsamba o ng isang gusaling inaari o ginagamit ng isang institusyon para sa edukasyong makarelihiyon; pagtangkang magpalaganap ng pag-aalinlangan tungkol sa mga relihiyosong gawain sa pamamagitan ng pagbabanta ng karahasan; o, ang paggamit ng bomba o pagsunog para maligalig ang isang tao tungkol sa kanyang personal na kaligtasan sa mga lugar ng pagsamba o sa anumang pribadong lupain kung ang lupaing iyon ay tinutudla dala ng lahi, kulay, relihiyon, ninuno, o iba pang mga protektadong kataguriang tumutukoy sa taong nag-aari o gumagamit nito.

PAANO NAKAKATULONG ANG MGA BATAS NA ITO SA MGA BIKTIMA?

Nagkakaloob ang mga batas na ito ng mga remedyong sibil para sa mga taong naging biktima ng mga aksyon ng karahasan o mga banta ng karahasan dala ng lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinanggalingan, edad, kapansanan, kasarian, kinikilingang sekswalidad, pampolitikang pakikianib o posisyon sa isang pagtatalong pantrabaho. Kabilang sa mga remedyong sibil na magagamit ang:

- ⇒ **Restraining Orders [Mga Kautusang Naghihigpit]**
- ⇒ **Actual Damages [Bayad ng Halaga ng Kawalan]**
- ⇒ **Punitive Damages [Kaparusahang Bayad]**
- ⇒ **Civil Penalties [Multang Sibil]**
- ⇒ **Attorney Fees [Bayad sa Abogado]**

May ilang mga hakbang na maaaring isagawa ng isang tao para ipagpatibay ang mga karapatang iginagawad ng mga batas na ito..

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG NANINIWALA AKONG NAGING BIKTIMA AKO NG KARAHASANG DALA NG PAGKAMUHI?

1

Maaari mong gamitin ang brochure na ito. Ipakita ito sa isang abogado, pulis, or mga ahensiya ng pamahalaan kapag kinontak mo sila tungkol sa iyong problema.

2

I-report sa pulis ang anumang banta o aksyon ng karahasan. Siguraduhing ipaliwanag ang koneksyong namamagitan sa banta o aksyon ng karahasan at sa katagurian (lahi, kasarian, edad, kapansanan, kinikilingang sekswalidad, atbp.). Tandaan mo na ang koneksyong ito ay maaaring batay sa iyong katagurian o sa katagurian ng isang grupo o taong kahalubilo mo.

3

Maaari kang magsampa ng reklamo. Maaaring magsampa ng reklamo sa DFEH, sa hukuman, o sa ibang ahensiya ng pamahalaan, tulad ng lokal na kagawaran ng pulis, district attorney, o ang Attorney General ng California.

Maaaring magsampa ng reklamo sa DFEH, sa hukuman, o sa ibang ahensiya ng pamahalaan, tulad ng lokal na kagawaran ng pulis, district attorney, o ang Attorney General ng California.

Maaaring magsampa ng kaso sa ilalim ng California Civil Code section 52 para ipagpatibay ang Ralph o Bane Civil Rights Acts.

PAANO KO MAISASAGAWA ANG PAGSASAMPA NG REKLAMO SA CALIFORNIA?

Kinakailangang ipatala ang reklamo sa DFEH sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan napag-alaman mo ang identidad ng taong may kasalanan, pero hindi kailanman ito maaaring lumagpas sa tatlong taon mula sa petsa ng pagkakasala. Hindi kinakailangan ang abogado at walang bayad para ang mga serbisyo ng Department. Humanda kang magprisinta ng mga natatanging detalye tungkol sa reklamo at magprisinta ka ng kopya ng mga dokumento na sumusuporta sa mga ipinaparatang mo sa iyong reklamo.

MAAARI MONG KONTAKIN ANG DFEH SA PAMAMAGITAN NG PAGTAWAG SA AMING NUMERONG WALANG BAYAD NA (800) 884-1684

MGA REMEDYONG SIBIL

RESTRAINING ORDERS: Pagkatapos makakuha ng restraining order mula sa isang hukuman, maaaring multahan o ibilango ang mga lumabag sa naturang utos.

ACTUAL DAMAGES: Kasama sa mga kabayaranang ito ang gastos para sa medikal na pagpapagamot, nawalang kita, pagpapagawa ng mga pag-aari, o bayad para sa kahirapan ng kalooban o pagkaligalig.

PUNITIVE DAMAGES: Maaaring iatas ng hukuman ang mga karagdagang multa para parusahan ang mga may kasalanan.

CIVIL PENALTIES: Maaaring iutos ng hukuman ang isang multang nagkakahalagang \$25,000, na siyang igagawad sa taong nagsampa ng reklamo.

ATTORNEY'S FEES: Maaaring iutos ng hukuman ang pagbayad sa paniningil ng abogado na galing sa naturang paghahabla.